


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 2

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4
## Mga Salitang Nagsasabi ng Paraan, Panahon at Lugar sa Pagsasagawa ng Kilos



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Maria Cherryl P. Pradel
**Editor:** Bernadette C. Mojello, MAEd
**Tagasuri:** Eliza Carreon Quipit
**Tagalapat:** Florencio R. Caballero
**Tagapagpamahala:**
Majarani M. Jacinto, EdD CESO VI – Schools Division Superintendent
Raymond M. Salvador, EdD CESE – Asst. Schools Division Superintendent
Juliet A. Magallanes, EdD – Chief Education Supervisor, CID
Ernesto Tardo, EdD – Chief Education Supervisor, SGOD
Josephine L. Tomboc, EdD – Education Program Supervisor - Filipino
Ma. Socorro M. Orion – Public Schools District Supervisor
Florencio R. Caballero, DTE - Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo – Project Development Officer II, LRMS



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang mga salitang nagsasabi ng paraan, panahon at lugar sa pagsasagawa ng kilos o gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nasasabi ang paraan, panahon at lugar ng pagsasagawa ng kilos o gawain sa tahanan, paaralan at pamayanan. **( F2WG-IIj-6)**



# Balikan

Basahin ang mga pangungusap. Kilalanin kung ang mga pares ng salita na may kahon sa bawat bilang ay magkasingkahulugan o magkasalungat. Isulat ang MK kung magkasingkahulugan at MS kung magkasalungat.

_______1. Sariwang gulay at bagong pitas na prutas ang inaalok sa amin kahapon.

_______2. Marumi ang bahay ng batang pulubi at makalat ang gamit sa loob nito.

_______3. Maraming magandang damit sa Divisoria ngunit para sa akin pangit ang napili niya.

_______4. Ibig kong magbakasyon sa susunod na buwan sa Boracay at doon din ang gustong puntahan ng Pamilyang Santos.

_______5. Dahan-dahang ginupit ko ang mga sanga ng bulaklak sa hardin at pinutol ko rin ang mga sanga ng mga puno.

Mahusay kaibigan! Ipagpatuloy mo ang magandang pagganap.



# Tuklasin

A. Basahin at unawain ang mga pangungusap na nasa ibaba. Sagutin ang mga tanong.

1. May mga tao pang namumuhay sa loob ng kuweba.

   Saan pa ang may mga taong namumuhay?__________

2. Mamimili si Inay bukas.

   Kailan mamimili si inay?__________

3. Mabilis tumakbo si Roy.

Paano tumakbo si Roy?__________

B. Balikan ang mga pangungusap na nasa bahagi ng “Balikan”. Ano-ano ang mga salitang may salungguhit.

Kahapon sa loob sa Divisoria

sa susunod na buwan Dahan-dahang

Ano-ano ang mga sinasabi nito at sa mga sagot mo sa **Tuklasin A**? Handa ka na bang malaman?

Tara na! Kaibigan, ating alamin!



# Suriin

Handa ka na ba sa ating talakayan ngayon? Kung handa ka na, atin ng simulan.

**Mga Salitang Nagsasabi ng Paraan**

**Tandaan:** Ang mga salitang nagsasabi ng paraan ay sumasagot sa tanong na paano.

**Halimbawa:**

1. Mabilis tumawid ng kalsada ang bata.

* Paano tumawid ng kalsada ang bata? **Mabilis**

- Ang salitang **mabilis** ay nagsasabi ng paraan sa pagsasagawa ng kilos.

**Mga Salitang Nagsasabi ng Panahon**

**Tandaan:** Ang mga salitang nagsasabi ng panahon ay sumasagot sa tanong na kailan.

**Halimbawa:**

Basahin ang talata. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Hindi maisip ni Aling Marina ang mga dahilan kung bakit napakabilis naman ng pag-unlad ng pamilya ni Mang Karyas.

Kahapon lamang ay tumanggap ang mag-asawang Karyas ng pera mula sa anak na nasa Cagayan. Noong isang linggo ay may pumakyaw ng kanilang mga mangga sa puno. Ngayon ay naipagbili naman sa mabuting presyo ang maraming kaban ng palay na nakatabi sa kanilang bangan.

Halimbawa:

Kailan tumanggap ng pera sa anak sina Mang Karyas?

- Ang salitang kahapon ay nagsasabi ng panahon sa pagsasagawa ng kilos.

**Mga Salitang Nagsasabi ng Lugar**

**Tandaan:** Ang mga salitang nagsasabi ng lugar ay sumasagot sa tanong na saan.

Tingnan ang larawan. Sabihin kung nasaan ang mga bata.

Halimbawa:

sa parke

sa palengke

sa daan





# Isaisip

Ang mahalagang tuntunin na dapat tandaan sa mga salitang nagsasabi ng paraan, panahon at lugar sa pagsasagawa ng kilos o gawain sa tahanan, paaralan at pamayanan ay:

- Ang mga salitang nagsasabi ng paraan ay mga salitang sumasagot sa tanong na paano ginawa ang kilos.
- Ang mga salitang nagsasabi ng panahon ay mga salitang sumasagot sa tanong na kailan ginawa ang kilos.
- Ang mga salitang nagsasabi nga lugar ay mga salitang sumasagot sa tanong na saan ginawa ang kilos.



# Isagawa

**Gawain 1: Subukan Mo!**

Mga Salitang Nagsasabi ng Paraan

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap at sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Mabilis lumakad ang tagahatid-sulat.
   Paano lumakad ang tagahatid-sulat?__________

2. Masipag na nag-aaral ang mga kapatid ko.
   Paano nag-aaral ang mga kapatid ko?__________

3. Palihim na binasa ng ina ang liham ng anak.
   Paano binasa ng ina ang liham ng anak?__________

**Gawain 2:**

Mga Salitang Nagsasabi ng Panahon

**Panuto:** Ikahon ang salitang nagsasabi ng panahon sa loob ng pangungusap.

1. Napakainit kagabi kaya hindi ako nakatulog.
2. Mamaya na sila aalis patungong Canada.
3. Ang Pasko ay ipinagdiriwang tuwing ika-25 ng Disyembre.

**Gawain 3:**

Mga Salitang Nagsasabi ng Lugar

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot. Gamitin ito sa pangungusap at isulat ito sa nakalaang patlang na nasa ibaba.

1. Saan nakatago ang pusa?



a. sa ibabaw
b. sa likod
c. sa ilalim
d. sa harap

____________________________________________________________

2. Saan makikita ang manika?



a. sa ibaba
b. sa gitna
c. sa loob
d. sa harap

___________________________________________________________________

3. Saan nakalagay ang aklat?



a. sa ibabaw
b. sa likod
c. sa ibaba
d. sa labas

___________________________________________________________________

Masaya ako at natapos mo ang mga Gawain. Binabati kita!



# Tayahin

**Panuto:** Kilalanin ang mga salitang may salungguhit. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sina Arman at Lito ay naglalaro sa tabing-ilog.
   A. panahon    C. gaano
   B. paraan    D. lugar

2. Mahimbing na natutulog ang batang sanggol.
   A. panahon    C. gaano
   B. paraan    D. lugar

3. Mamamasyal ang buong mag-anak ni Mang Karding sa Palawan.
   A. paraan    C. panahon
   B. gaano    D. lugar

4. Nagdiriwang ng kanyang ikaapat na kaarawan si Kylie ngayon.
   A. paraan    C. panahon
   B. gaano    D. lugar

5. Malungkot na nagkukuwento si Aling Loring sa kanyang karanasan sa buhay.
   A. panahon    C. kilos
   B. paraan    D. lugar



**Susi sa Pagwawasto**

**BALIKAN:**

1. MK
2. MK
3. MS
4. MK
5. MK

**TUKLASIN**

1. sa loob ng kuweba
2. bukas
3. mabilis
4. sa isang buwan
5. sa ilalim ng puno

**PAGYAMANIN:**

**Gawain 1.**

1. Mabilis
2. Masipag
3. Palihim

**Gawain 2.**

1. kagabi
2. Mamaya
3. tuwing ika-25 ng Disyembre

**Gawain 3.**

1. c. Ang pusa ay nakatago sa ilalim ng mesa.
2. d. Ang manika ay makikita sa harap ng puno.
3. a. Ang aklat ay nakalagay sa ibabaw ng mesa.

**TAYAHIN:**

1. D  2. B  3. D  4. A  5. B

# Sanggunian


Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.

Santos, Maria and Garcia, Nilda. *Sining sa wika at pagbasa 2*. Philippines. 1998.

Villafuerte, Patrocinio and Ona Luzviminda. *Pagdiriwang ng wikang Filipino 2*. Phillipines. 2003.


# Internet Source:


google.com/search?=pang-abay+worksheets+grade+2&oq+pang-abay+worksheets+grade +2&aqs=chrome..69i57.13641jj0j7&sourceid=chrome&ie=UTF-8

Samutsamot.files.wordpress.com